# SULAT SA MGA TAGA-GALASYA



Lahat tayo'y nagpapanggap na malaya. Ngunit ano bang ibig sabihin ng maging malaya? Ang mga tunay na malayang tao ay iyong mga inaakay ng malalim na inspirasyon ng Espiritu ng Diyos. Bawat Kristiyano'y dapat maging "inspirado" sa ganitong kahulugan. Gayunpaman, maraming bagay ang nagbabanta sa "kalayaang ibinigay ni Kristo sa atin":

– Kalimita'y pinababayaan nating lumamig ang ating maalab na damdamin noong una nating makatagpo si Kristo at naramdaman nating kaya nating gawin ang kahit ano para sa kanya. At sinisimulan nating hubugin ang ating buhay ayon sa mga gawaing hindi makapapalit sa tunay na pag-ibig.

– Puwede rin namang mangyari na masyado nating hinahangaan ang mga halimbawa ng mga Kristiyano ng ibang panahon o ibang kalagayan. At kinokopya natin ang mga huwaran ng Kristiyanong pamumuhay na hindi katugma ng inaasahan ng Diyos sa atin, kaya hindi tayo pumupunta kay Kristo sa kabuuan ng ating pagkatao at paninindigan.

Malinaw ang lahat ng ito sa Sulat sa mga taga-Galasya. Ang mga paganong ito na napasampalataya ni Pablo ay nakinig pagkatapos sa mga Judiong nag-aakalang mga disipulo sila ni Kristo, ngunit hindi naunawaan ang Ebanghelyo. At sinasabi ng mga Judiong ito: "Pananampalataya kay Kristo, napakaganda nito! Ngunit mas mahalaga sa Diyos ang pagtupad ng mga tao sa lahat ng batas at kaugaliang panrelihiyon."

Kaya ginawa ni Pablo ang napakarahas na sulat na ito: "Kung kilala ninyo si Jesus na ipinako at inaakay kayo ng kanyang Espiritu, ano pang kailangan ninyo?"

Sino ba ang mga taga-Galasya? Tinutukoy ang mga pamayanan ng Pisidia at Galasya. Sinasabi sa Gawa 13:13-14:25 at 16:6-6 ang tungkol sa pag-eebanghelyo sa kanila.

**1** [1]Bati ni Pablo, isang apostol
na di sinugo ng mga tao, ni sa pagta-
laga ng tao,
kundi ni Jesucristo at ng Diyos Ama na
nagbangon sa kanya mula sa mga patay,
[2]at pagbati ng lahat ng kapatid na
kasama ko,
para sa mga iglesya ng Galasya.
[3]Sumainyo ang grasya at kapayapaan
mula sa Diyos Ama at sa ating Pangi-
noong Jesucristo.
[4]Ibinigay nga niya ang kanyang sarili
para sa ating mga kasalanan upang sagi-
pin tayo mula sa masamang panahong ito
ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama;
[5]mapasakanya nawa ang luwalhati
magpakailanman. Amen.

### Wala nang iba pang ebanghelyo

• [6]Takang-taka ako na napakadali nin-
yong tinalikuran ang Diyos na nagkaloob
sa inyo ng kanyang pagtawag sa grasya
ni Kristo at binalingan ang iba ng ebang-
helyo. [7]Wala na ngang iba pang ebang-
helyo, pero may gumugulo sa inyo at
gustong baliktarin ang ebanghelyo ni
Kristo.
[8]Ngunit kung kami mismo, o isang
anghel man mula sa langit, ang mangaral
sa inyo ng isang ebanghelyong taliwas sa
ipinangaral na namin sa inyo, sumpain
nawa siya! [9]Gaya ng sinabi ko noong una,
gayon din ang sinasabi ko ngayon: "Kung
sinuman ang nangangaral sa inyo ng
isang ebanghelyong taliwas sa inyong na-
tanggap, sumpain nawa siya." [10]Nagha-
hangad ba akong mapuri ng mga tao, o ng
Diyos? O sinisikap ko bang bigyang-
kasiyahan ang mga tao? Kung mga tao pa
ang binibigyang-kasiyahan ko, hindi na
ako lingkod ni Kristo.

### Itinuro ni Pablo ang natutuhan niya sa Diyos

• [11]Talagang gusto kong malaman nin-
yo, mga kapatid, na hindi ebanghelyo ng
tao ang ebanghelyong ipinangaral ko.
[12]Hindi ko nga ito tinanggap mula sa tao,
o natutuhan sa tao kundi sa pagbubunyag
ni Jesucristo. [13]Nabalitaan nga ninyo ang
dati kong pamumuhay sa komunidad
Judio at kung paano ko inusig ang Iglesya
ng Diyos at sinikap itong puksain. [14]Na-
ging mas masigasig ako kaysa maraming
kasinggulang ko sa komunidad-Judio,
nang mainit kong ipinaglaban ang mga
kaugalian ng aking mga ninuno.
[15]Subalit sa kagandahang-loob ng
Diyos, ako'y tinawag niya, siyang *nag-
bukod sa akin bago pa man ako isilang.*
[16]At nang ikasiya niyang ibunyag sa akin
ang kanyang Anak, upang maipangaral

---

• **1.**6 Karamihan sa mga taga-Galasya na nagkaroon ng Kristiyanong pananampalataya ay dating mga pagano at di kailanman tumubog sa relihiyon ng mga Judio. Gayunpaman, ang ilan sa kanila ay mula sa lahing Judio at hindi nila nauunawaan na si Jesus ay dumating upang iligtas ang lahat ng tao nang walang itinatangi.

Ang iba naman ay nakisalamuha sa mga Judio at, para sa kapakanan ng kanilang negosyo, gusto nilang tanggapin sila ng Sambayanang Judio. – hindi balakid dito ang pananampalataya nila kay Jesus. Ngunit hindi sila matatanggap kung hindi sila magpapatuli o hindi sila susunod sa ilang mga kaugaliang Judio.

*Isang ebanghelyong taliwas sa inyong natanggap* (9) Dapat ipasa ang Ebanghelyo kung ano ang pagkaunawa dito ng mga apostol at kung ano ang pagkapanatili dito ng Iglesya. Kaya ipinakikita ni Pablo na hindi siya nagsimulang mangaral sa sariling kusa, kundi siya'y sinugo, at naaayon ang pangangaral niya sa doktrinang tinatanggap ng Iglesya: ang tinatawag natin ngayong *Tradisyon.*

• 11. Pinipintasan ng mga kaaway ni Pablo ang kanyang awtoridad: hindi siya isang apostol na tulad ng mga pinili ni Jesus. Isinasalaysay dito ni Pablo ang binabanggit sa Gawa 9. *Ibinunyag niya sa akin ang kanyang Anak* (16). Hindi lamang nakita ni Pablo si Kristo, nadiskubre pa niya si Kristo sa kanya mismong kalooban. Sa sandali ng pagtawag sa kanya, ganap niyang naunawaan ang pinakadiwa ng pananampalataya.

Katangi-tangi ang kaso ni Pablo na tahasang tinawag ni Kristo. Gayunpaman, nakikita natin na hindi ipinagpilitan ni Pablo ang kanyang sarili sa Iglesya. Pinapunta siya ni Kristo kay Ananias para magpabinyag. Pagkatapos niyon, sumama siya kay Pedro, ang kinikilalang pinuno ng Iglesya, at kay Jaime, ang pinuno ng iglesya ng Jerusalem. Kailangan ang "pagsasama" o "pakikiisa" na ito upang makakilos sa ngalan ng Iglesya. Ngunit hindi ito ang uri ng pagsunod na makikita sa hukbo o ng empleyado sa kanyang boss. Sinasabi pa ni Pablo: *Kinilala nila ang misyong bigay sa akin ng Diyos* (2:9): ibig sabihi'y inaamin nila na ang

ko siya sa mga bansang di-Judio, hindi
ako humingi ng payo kaninuman. 17 Hindi
ako umahon sa Jerusalem patungo sa
mga apostol na mas una pa sa akin, kundi
nagpa-Arabia ako; at muli akong bumalik
sa Damasco. 18 At pagkatapos ng tatlong
taon, saka ako umakyat sa Jerusalem
para dalawin si Kefas, at labinlimang araw
akong nanatiling kasama niya. 19 Ngunit
hindi ako nakipagkita sa ibang apostol
liban kay Jaimeng kapatid ng Panginoon.
20 Sa harap ng Diyos, hindi ako nagsisinu-
ngaling sa isinusulat ko sa inyo.

21 Pagkatapos ay pumunta ako sa
rehiyon ng Siria at Cilicia. 22 At hindi pa rin
ako kilala sa mukha ng mga iglesya ni
Kristo sa Judea; 23 narinig lang nila basta
ang sabing: "Ang umusig sa atin noon ang
ngayo'y nangangaral ng paniniwalang
sinikap niyang puksain noon." 24 At
niluwalhati nila ang Diyos dahil sa akin.

**Si Pablo at ang mga alagad**

**2** • 1 At pagkatapos ng labing-apat na
taon, muli akong umahon sa
Jerusalem kasama ni Barnabas, at
isinama ko naman si Tito. 2 Umahon ako
dahil sa isang pagbubunyag; at inilahad
ko sa harap nila (at sarilinan din sa hara-
pan ng mga kinikilala) ang ebanghelyong
ipinangangaral ko sa mga di-Judio, dahil
baka ako'y tumatakbo o tumakbo nang
walang kaparakan. 3 Ngunit hindi nila
ipinilit ang pagtutuli, kahit sa kasama
kong si Tito na isang Griyego. 4 May mga
huwad na kapatid naman, na ipinasok
nang palihim, na nakialam upang man-
manan ang aming kalayaang nakay
Kristo Jesus. Hangad nila kaming ipaali-
pin, 5 pero hindi kami sumuko o sumang-
ayon sa kanila ni sandali upang manatili
ang katotohanan ng Ebanghelyo sa piling
ninyo.

6 Ang mga kilala naman – walang ha-
laga sa akin kung ano man sila dati, hindi
nagtatangi ang Diyos – ang mga kilalang
iyon ay walang idinagdag sa aking ipina-
ngaral. 7 Sa halip kinilala nila na pinag-
katiwalaan ako ng ebanghelyo para sa
mga di tuli, gaya ni Pedro para sa mga tuli.
8 Ang nagbigay nga kay Pedro ng kaka-
yahan para sa mga Judio, ay siya ring
nagbigay sa akin para sa mga bansang di-
Judio.

9 Kinilala nina Jaime at Kefas at Juan,
na kilalang mga haligi, ang misyong bigay
sa akin. Ibinigay nila sa akin at kay
Barnabas ang kanang kamay ng kasun-
duan: ang mga bansang di-Judio ang
aming pupuntahan, at sila naman sa mga
Judio. 10 Lamang ay aalalahanin namin
ang kanilang mga dukha, ang bagay na
gustung-gusto kong gawin.

**Ang pakikipagtalo kay Pedro**

• 11 Pagkatapos, nang dumating si

---

Espiritu Santo ang kumikilos kay Pablo. Ang mga pinuno ng Iglesya ay hindi gumagawa ng desisyon batay sa sariling kagustuhan, kundi sinisikap nilang sundin ang Espiritu Santo na nagsasalita sa pamamagitan ng mga pangyayari.

• **2.**1 *Iniuulat sa Gawa 15 ang miting na ito sa Jerusalem; matatagpuan doon ang komentaryo nito.*

Nang maging mga Kristiyano ang mga Judio sa lahi at sa relihiyon, nagpatuloy sila sa pagsunod sa Batas ni Moises, kung saan nagkakahalu-halo ang mga pangunahing utos (kilalanin ang Diyos, huwag pumatay...), ang mga ritwal ng pagsamba, at mga kaugaliang pambansa. Nang magsimulang manampalataya kay Kristo ang mga tao ng iba't ibang lahi, mahigpit na hiniling ni Pablo na hindi sila dapat piliting sumunod sa Batas ni Moises. Sabihin pa, dapat nilang igalang ang kapwa at di dapat magnakaw, ngunit bumubukal ito mula sa Ebanghelyo at hindi na kailangang ipataw pa ang Batas ni Moises.

*Upang manatili sa inyo ang katotohanan ng Ebanghelyo* (5). Sapagkat pinalalaya ng Ebanghelyo ang mga tao mula sa lahat ng nagpapakitid sa kanilang pananaw, at ang tanging obligasyon nila ay maglingkod at tumulad sa Anak ng Diyos.

*Walang halaga sa akin kung ano sila dati* (6). Sina Pedro, Jaime at Juan ay walang mga titulo, pera o kultura. Maaaring hinamak pa sila ng mga mananampalatayang mas may pinag-aralan. Hindi iyon pinansin ni Pablo: itinuring lamang niya silang mga pinuno ng Iglesya.

• 11. *Sa Iglesya, naniniwala si Pablo na may karapatan siyang pagsabihan ang pinakamataas na pinuno, ang unang Papa. Pinangakuan ni Jesus si*

Kefas sa Antioquia, harap-harapan ko
siyang sinalungat dahil sa dapat siyang
sisihin. 12 Sapagkat bago dumating ang
ilang mga tao mula kay Jaime, kumakain
siyang kasalo ng mga di-Judio; pero
pagkarating ng mga ito'y umurong siya at
inihiwalay ang kanyang sarili, dahil sa
takot sa grupo ng Tuli. 13 At nagkunwari
rin ang ibang mga Judio, at kahit na si
Barnabas ay natangay rin ng kanilang
pagkukunwari. 14 Ngunit nang makita
kong hindi sila tapat sa katotohanan ng
ebanghelyo, sinabi ko kay Kefas sa harap
nilang lahat: "Kung ikaw na isinilang na
isang Judio ay nakiugali sa mga di-Judio
at hindi sa mga Judio, paano mo mai-
pipilit ngayon sa mga di-Judio ang mga
kaugaliang Judio?"

• 15 Sa lahing Judio tayo galing; hindi
tayo isinilang na makasalanan ng isang
di-Judiong bansa. 16 Gayunma'y alam
natin na hindi pinawawalang-sala ang tao
sa pamamagitan ng mga gawa ng batas
kundi sa pananampalataya ni Jesucristo,
at tayo man ay sumampalataya rin kay
Kristo Jesus upang mapawalang-sala ng
pananampalataya ni Kristo, at di ng mga
gawa ng batas. Sapagkat *walang sinu-
mang napawawalang-sala sa mga gawa
ng batas.*

17 Kaya nagsisikap tayong mapawa-
lang-sala kay Kristo. Ngunit kung sa
gayo'y matagpuan pa rin tayong maka-
salanan, katulong ba ng kasalanan si
Kristo? Hindi! 18 Ngunit kung inalis ko na
(ang Batas) at itatayo ko pang muli,
mapatutunayang lumabag ako.

19 Ngunit sa pamamagitan ng Batas
ako namatay sa Batas upang mabuhay
para sa Diyos. Ipinako na ako sa krus
kasama ni Kristo; 20 hindi na ako ang
nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay
sa akin. At kung buhay man ako sa
laman, nabubuhay ako dahil sa pananam-
palataya sa Anak ng Diyos, na nagmahal
sa akin at nagbigay ng kanyang sarili para
sa akin. 21 Kaya hindi ko pinawawalang-
bisa ang kagandahang-loob ng Diyos;

---

*Pedro na hindi siya matitisod sa kanyang pananampalataya, ngunit hindi sinabi ni Jesus na hindi siya kailanman magkakamali at hindi siya mapapagsabihan ninuman.*

Hindi nakisalo ang mga Judio sa mga paganong di-Judio sapagkat, para sa kanila, "di malinis" ang ganito, isang dungis.

Alam ni Pedro (o Kefas: tingnan ang Jn 1:42) na pantay-pantay na ngayon ang lahat ng tao at inaako niya na huwag isaalang-alang ang Batas. Gayunpaman, natatakot siya sa iisipin ng kanyang mga kaibigan at kababayan. Hindi niya alam na, para mabigyan sila ng kasiyahan, isasapanganib niya ang pag-eebanghelyo sa mga di-Judio. Hindi na nga komportable sa Iglesya ang mga taong ito na itinuturing na di-malinis. Pinipilit silang ariing parang kanila ang mga kaugaliang Judio. Kung gagawin nila ito, ituturing silang banyaga at di na ibibilang sa kanilang sariling bansa. Kung hindi naman sila papayag, magiging segunda-klaseng mamamayan sila sa Iglesya.

Madali nating makikita na patuloy itong nagiging problema sa ating panahon. Maraming beses ang mga pinuno ng Iglesya ay mga taong kabilang sa isang grado ng lipunan. Hindi iyon nangangahulugang kailangang tularan ng mga mananampalataya ang kanilang kilos, sapagkat ang Iglesya ay Iglesya ng lahat ng tao.

Madaling mapapatunayan na ang mga kabilang sa uring magsasaka o manggagawa ay hinahamak o binabale-wala kapag hindi sila makasunod sa kilos at kaugalian ng mga may kaya. Dahil dito, ikinahihiya ng karamihan sa kanila ang kanilang sarili: hindi pa sila nagiging tunay na malaya.

Kinakailangang alisin ng Iglesya sa loob niya ang mga pagsasaalang-alang sa pagkakaiba ng mga klaseng panlipunan upang malabanan, pagkatapos, ang diskriminasyong laganap sa ating lipunan.

• 15. Dito sinasabi ni Pablo na inililigtas ni Jesus ang mga Judio pati ang ibang bansa, at binibigyang-diin ang kahalagahan ng pananampalataya. Ganitong-ganito ang balangkas ng pahinang ito. Bubuuin ito ni Pablo pagkatapos ng apat na taon sa mga kabanata 2-8 ng kanyang sulat sa mga taga-Roma. Tingnan ang komentaryo roon.

*Kung inalis ko muna (ang Batas) at itinatayo kong muli* (18). Tinuruan sila ni Pablo na maging malaya sa relihiyong pagano at sa mga maling palagay at kaugalian nito, na sinunod nila dahil sa takot sa mga diyus-diyusan at sa kapalaran. At sinasabi rin niya sa kanila na hindi kasalanan ang hindi pagtupad sa mga kaugalian ng Matandang Tipan. Ngunit binabalikan na naman nila ngayon: Hindi kasiya-siyang tuliin, gayunpaman, ginawa na rin nila ito dahil sa takot, kung sakali.

sapagkat kung nasa Batas ang pagpa-
pawalang-sala, namatay si Kristo nang
walang kapararakan.

**Sa pananampalataya tayo maliligtas**

**3** • 1 O tangang mga taga-Galasya!
Sino ang kumulam sa inyo, na sa
inyong mga mata'y lantaran pa namang
itinanghal si Jesucristong nakapako sa
krus? 2 Iisa lang ang itinatanong ko sa
inyo: Tinanggap ba ninyo ang espiritu
bunga ng pagtupad sa Batas, o ng pana-
nampalataya sa inyong narinig? 3 Ta-
ngang-tanga na ba kayo? Nagsimula na
kayo sa espiritu at ngayo'y magtatapos
kayo sa laman.
4 Wala ngang kabuluhan ninyong nara-
nasan ang mga ito – kung talaga ngang
mapawawalang-saysay. 5 Nang magka-
loob sa inyo ng espiritu ang Diyos at
gumawa ng kababalaghan sa inyo, bunga
ba ito ng pagtupad sa Batas, o ng pana-
nampalataya sa inyong narinig? 6 Gaya ni
Abraham *na sumampalataya sa Diyos, at
ito ay ibinilang na katapatan para sa
kanya.* 7 Kaya alamin ninyo na ang mga
kumakapit sa pananampalataya ang
siyang mga anak ni Abraham.
8 Nakinikinita ng Kasulatan na bibig-
yang kabanalan ng Diyos ang mga
bansang di-Judio sa pamamagitan ng
pananampalataya. Ipinangako nga kay
Abraham sa simula na: *Pagpapalain ang
lahat ng mga bansa sa iyo.* 9 Kaya
pinagpapala ang mga may pananampala-
taya kasama ng sumasampalatayang si
Abraham. 10 Nasa ilalim naman ng isang
sumpa ang lahat ng kumakapit sa mga
gawa ng Batas; nakasulat nga na
*Isinumpa ang lahat ng hindi nagtitiyaga
sa lahat ng nakasulat sa aklat ng batas at
nagsasagawa ng mga ito.*
11 Maliwanag na sa ilalim ng Batas,
walang nagiging matuwid sa harap ng
Diyos: *Ang matuwid na bunga ng pana-
nampalataya ay mabubuhay.* 12 Gayun-
man, hindi isinasaalang-alang ng Batas
ang pananampalataya sa pagsasabing
*Ikabubuhay nila ang pagsasagawa ng
mga ito.*
13 Tinubos tayo ni Kristo mula sa sumpa
ng Batas nang maging isang sumpa siya
alang-alang sa atin ayon sa nasusulat:
*Sumpain ang bawat taong ibinitin sa
puno.* 14 Kaya makaaabot sa mga di-Judio
ang pagpapala kay Abraham na nakay
Kristo Jesus; at tatanggapin din natin ang
pangakong espiritu sa pamamagitan ng
pananampalataya.

**Ang Batas at ang katuparan ng pangako**

• 15 Mga kapatid, isipin nga ninyo sa
pangkaraniwang buhay: Kapag pinagti-
bay ng isang tao ang testamento, walang

---

• **3.**1 Minsang makilala na natin si Kristo, paano pa natin siya maiiwan? Wala nang alam pang mas malalakas na mga katwiran si Pablo upang mapasampalataya ang mga pagano kaysa paghaharap kay Jesus na ipinako.

*Nagsimula kayo sa Espiritu at magtatapos kayo sa laman* (3). May dalawang kahulugan ang mga salitang ito. Una, naranasan na ng mga taga-Galasya ang pagkilos ng Espiritu Santo at ang kanyang mga milagro at gusto na nila ngayong tanggapin ang pagtutuli sa laman. Ikalawa, nagsimula sila sa katotohanan ng Diyos na nakay Kristo: ibig sabihi'y, *ang espiritu*. Ngayo'y bumabalik sila sa mga alituntuning Judio na, bagamat galing sa Diyos, ay angkop sa mga taong *makalaman*, ibig sabihi'y, walang alam sa pananampalataya at makasalanan.

Sinabi ng mga gumulo sa mga taga-Galasya: kay Kristo nga kayo, ngunit si Kristo nama'y inapo ni Abraham at isang Judio. Kaya sundin ninyo si Abraham at gayahin ang mga Judio: sa gayon, nagiging mga anak kayo ni Abraham kasama ni Kristo. Sumasagot si Pablo na hindi nagiging anak ni Abraham o ng Diyos ang isang tao dahil sa lahi; binubuo niya nang lalo ang paksang ito sa Roma 4.

*Kabanalan* (3:8) o muling pakikipagkasundo sa Diyos. Ito ang kahulugan ng salitang *pagkamatwid* sa pagkakagamit ni Pablo.

• 15. *Malinaw na sa ilalim ng Batas walang nagiging matuwid* (11) Madali nating nalilimutan na gawa ng Diyos ang pagliligtas sa atin. Hindi batay sa ating kabutihan tayo hinirang para sumampalataya kay Jesus. At pagkatapos, hindi depende ang ating kaugnayan sa Diyos sa pagtupad sa mga rito (mamahinga sa isang araw) o sa pagkain (magpigil uminom ng alak) o sa pagdadamit (magbelo ang babae). Ngunit sanay ang tao na tumalima sa mga batas, panginoon at relihiyon, at maraming beses,

makapagpapawalang-bisa o makapag-
dadagdag dito. 16 Ngayon, si Abraham at
ang kanyang binhi ang tumanggap ng
pangako. Hindi sinabing *At sa kanyang*
*mga binhi* na tumutukoy sa marami, kundi
tumutukoy sa iisa: *At sa iyong binhi* na si
Kristo. 17 Kaya sinasabi ko: umiral ang
Batas pagkalipas ng apat na raan at
tatlumpung taon, kaya hindi nito pinawa-
walang-bisa ang kasunduang pinagtibay
ng Diyos sa simula, ni binabawi ang pa-
ngako. 18 Kung bunga ng Batas ang pag-
kakamana, hindi na ito bunga ng pangako;
ngunit ibinigay talaga ito ng Diyos kay
Abraham sa pamamagitan ng pangako.

19 Bakit may Batas kung gayon? Idinag-
dag ito dahil sa mga pagsuway, at may bisa
ito hanggang sa pagdating ng binhing
pinangakuan. Ang mga anghel naman ang
nagtakda nito sa tulong ng isang
tagapamagitan. 20 (Wala ngang taga-
pamagitan kung iisa lang, at iisa ang
Diyos.)

21 Kung gayo'y laban ba sa mga pa-
ngako ang Batas? Hindi! Kung talagang
batas na nakabubuhay ang ibinigay, bu-
nga ng Batas ang pagiging matuwid.
22 Subalit ikinulong ng Kasulatan ang
lahat sa kasalanan, kaya dapat ibigay sa
mga sumasampalataya ang pangako
batay sa pananampalataya kay Jesu-
cristo.

**Tayo ngayon ay mga anak ng Diyos**

• 23 Bago pa dumating ang pananam-
palataya, nakakulong na tayo at napalili-
giran sa ilalim ng Batas, hanggang sa
paghahayag ng pananampalataya. 24 Sa
gayon naging tagaakay natin kay Kristo
ang Batas upang magawa tayong ma-
tuwid batay sa pananampalataya.
25 Ngunit sa pagdating ng pananampala-
taya, wala na tayo sa ilalim ng isang taga-
akay.

26 Nakay Kristo Jesus naman kayong

---

natatakot siya kung wala na siyang obligasyon at sinasabi na lamang sa kanya: Tumingin kay Kristo at sumunod sa kanya. Tangi sa Kristiyanong paniniwala ang maligtas tayo na walang bayad. Sa iba namang relihiyon, tumitingin ang Diyos sa taong gumagawa ng mabuti, at ginagantimpalaan niya ito. Nagliligtas naman ang ating Diyos sa mga makasalanan at walang karapatan na sumasampalataya sa kanyang pag-ibig. Mag-ingat tayo at baka ipalimot sa atin ng mga imahen, debosyon, pagdiriwang (*na mga gawa natin*) ang kagandahang-loob ng Diyos.

Una, gumawa ang Diyos ng isang pormal na kasunduan kay Abraham. Walang hiningi ang Diyos sa kanya ngunit pinangakuan siya ng Diyos. Ang pananalig sa kanya ang tanging inaasahan ng Diyos sa mga inapo ni Abraham upang sila'y maligtas. Pagkatapos ng napakahalagang pagkukusang ito ng Diyos, hindi talaga nakapagbago sa kalagayan ang Batas na ibinigay ng Panginoon kay Moises. Kaya sinasabi ni Pablo na nagkakamali ang karamihan sa mga Judio sa higit nilang pagpapahalaga sa pagtupad sa Batas kaysa pagbubukas ng kanilang puso sa Diyos.

• 23. Sa panahon ni Pablo, pinaaalagaan ang mga anak ng mayayaman sa katulong na tinatawag na "pedagogo", ibig sabihi'y, taga-akay. Sasamahan niya ang bata sa eskwela ngunit hindi tuturuan. Sinasabi ni Pablo: Ang Batas ay ang katulong, ngunit si Kristo ang guro. Konklusyon: kung nagturo na si Kristo, bakit pa babalikan ang mga alituntuning Judio?

Sa ganito natin mauunawaan ang b. 19: *na si Moises ang tagapamagitan*. Sa turing ni Pablo hindi galing mismo sa Diyos ang Batas at hindi idinikta magpakailanman. Ipinaubaya ng Diyos sa mga anghel ang pagpapasya sa panandaliang kasunduang ito upang maging angkop ang Batas sa isang partikular na panahon at kalagayan; at kinakailangang pagtugmain ni Moises ang kanilang iba't ibang kahilingan. Ganito rin ang sinasabi sa 4:3. Samakatwid, taglay na ng Matandang Tipan ang katotohanan ng Diyos, ngunit dumating ito sa atin sa tulong ng mga tagapamagitan na nag-angkop nito sa kanilang asal at nagpalabo nito.

*Kapag bata pa ang tagapagmana* (1). Ginawa ng Diyos ang tao para maging malaya, banal, malakas, kalarawan ni Kristo. Ngunit walang ipinanganganak na may sapat na gulang na; kailangang maging bata muna siya. Gayundin ang sangkatauhan; kailangang dumaan ito sa pagkabata. Nagkaroon ng sinaunang lipunan, musmos na siyensya, simpleng kultura at panandaliang relihiyon. Nanatili ang tao "sa piling ng mga alipin" at sumailalim sa mga puwersang nilikha (sinasabi ni Pablo: mga *simulain*): ang mga puwersang di-nakikita, mabuti at masama, pati ang mga simulain at di-matwid na kuru-kuro ng mga sinaunang tao. Ngayon, sa pamamagitan ni Kristo, kinakailangang marating ng sangkatauhan ang ganap na katotohanan. Pinalaya muna ni Kristo ang mga tao mula sa mga pamahiing panrelihiyon at mga kamalian ng mga pagano na humahadlang sa kanila sa pagkilala sa Ama at sa pagiging mga anak niya.

Mula sa panahong iyon, tumatakas ang sangka-

lahat na mga anak ng Diyos, bunga ng
pananampalataya. 27 Isuot ninyo si Kristo,
lahat kayong bininyagan kay Kristo.
28 Wala nang Judio o Griyego, wala nang
alipin o malaya, lalaki o babae; iisa lang
kayong lahat kay Kristo Jesus. 29 At kung
nakay Kristo kayo, binhi rin kayo ni
Abraham at mga tagapagmana ng ipina-
ngako.

**4** 1 Pakinggan ninyo ito: kapag bata
pa ang tagapagmana, hindi siya
naiiba sa isang alipin kahit na siya ang
may-ari ng lahat; 2 nasusupil siya ng mga
bantay at mga katiwala hanggang sa iti-
nakdang panahon ng ama. 3 Gayon din
naman para sa atin; nang mga bata pa
tayo, nasupil tayo ng mga simulaing hu-
mahawak sa daigdig. 4 Ngunit nang
sumapit ang kaganapan ng panahon,
ipinadala ng Diyos ang kanyang Anak,
ipinanganak ng babae, ipinanganak sa
ilalim ng Batas, 5 upang tubusin ang mga
nasa ilalim ng Batas, upang ariin kayong
mga anak. 6 Mga anak nga kayo kayat
ipinadala ng Diyos ang Espiritu ng kan-
yang Anak sa ating mga puso, na tumata-
wag nang malakas: "Abba, Ama!"
7 Hindi ka na alipin kundi anak; at kung
anak, tagapagmana rin sa habag ng
Diyos.
8 Noong hindi pa ninyo kilala ang
Diyos, naglingkod kayo sa mga likas na
hindi diyos; 9 ngunit ngayong kilala na
ninyo ang Diyos, o mas tama, kilala niya
kayo, paano kayo muling babaling sa
mga mahina at hamak na prinsipyo at
simulain? At gusto ninyo silang muling
paglingkuran? 10 Ipinagdiriwang nga
ninyo ang mga araw pati na mga buwan,
at mga panahon, at mga taon! 11 Talagang
nangangamba ako't baka masayang la-
mang ang pagpapapagod ko para sa inyo.

**Nagpapakasakit ako para sa inyo hanggang ngayon**

12 Mga kapatid, sumasamo ako sa inyo:
Tularan ninyo ako gaya ng naging pagtu-
lad ko sa inyo. Hindi naman ninyo si-
naktan ang damdamin ko. 13 Alam ninyo
na may karamdaman ako sa katawan
nang mag-ebanghelyo ako sa inyo noong
una. 14 At naging isang pagsubok ito para
sa inyo. Gayunman, hindi ninyo ako
kinasuklaman ni hinamak. Talagang ti-
nanggap ninyo ako bilang anghel ng
Diyos, bilang si Kristo Jesus.

---

tauhan sa mga puwersang espirituwal (o mga anghel) na, para kay Pablo, ay halos maipagkakamali sa mga pantaong institusyon at kultura. At tumatanggap na ang sangkatauhan ng katotohanan mula sa Diyos.

*Ipinanganak ng babae, ipinanganak sa ilalim ng Batas* (4). Inililigtas ni Kristo ang tao sapagkat siya'y tao. Dumating muna si Kristo bilang tagapagligtas ng bayang Judio at, para iligtas sila, naging isa siya sa kanila. Nanggaling sa Batas, o di kaya'y sa bayan at relihiyon ng Matandang Tipan, ang buong kultura niya: lubhang positibo ang Batas na ito. Ngunit nakalipas na *ang panahon*, at hindi na maaaring matanggap ang kapunuan ng katotohanan ng Diyos nang hindi *tutubusin sa Batas*.

Dapat nating makita rito ang isang saligang kaayusan ng plano ng pagliligtas: Inililigtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang pagiging isa sa atin. Totoo na rin ito ngayon ukol sa Iglesya, na hindi nagbibigay sa mga tao kundi nagliligtas sa kanila. At hindi makapagdudulot ang Iglesya ng pagliligtas na tumatagal at bumabago kung hindi ito makikibahagi sa kanila mismong kalagayan.

Ito ang dahilan kaya gusto ng Panginoon na ang mga iglesya ng Ikatlong Daigdig ay magpasan ng krus ng mga tao sa kanilang lupalop: ang kanilang karukhaan, kahirapan, kaabahan, upang magdala sa kanila sa tunay na kaligtasan. Kapag binubuo lamang ang Iglesya ng maykaya at ginagawa ang mga gawi sa Roma at sa mga kanluraning bansa, hindi maliligtas ang mga tao sa Ikatlong Daigdig.

*Gusto ninyo silang muling paglingkuran?* (9). Nagsasawa sa kalayaan ang tao. Mas gusto ng ilan na magtrabaho nang walang inaalala para sa boss at ayaw nilang humawak ng responsibilidad sa kanilang kooperatiba. Maraming ayaw sa paring nag-aanyaya sa kanilang gumawa ng maingat na desisyon na sa akala nila'y mabuti. Mas gusto nilang pagsabihan: mabuti iyan, kasalanan iyon. Sinabi na ni Pablo sa mga taga-Galasya: "Na kay Kristo kayo; magpaakay kayo sa kanyang Espiritu." Ngunit nangangailangan ng pagsisikap ang paggawa ng sariling desisyon; pinipilit tayo nitong magnilay at tumanggap ng responsabilidad. Kaya mas gusto ng maraming Kristiyano na maglakad sa mga tinandaang landas; mas gusto nilang magdiwang ng ilang mga araw; tumupad sa ilang mga obligasyon, at pagkatapos ay hayaan silang nag-iisa sa kanilang mahinang pananampalataya at malamig na pag-ibig.

15 Nasaan na ang kaligayahang ito? Ta-
lagang mapapatunayan ko sa inyo na
kung maaari lamang ay dinukit na ninyo
ang inyong mga mata at ibinigay sa akin.
16 At ngayon ba'y kaaway na ninyo ako sa
pagsasabi ko ng katotohanan?

17 Hindi mabuti ang pakay ng mga
taong iyon sa inyo, at gusto lamang nilang
iligaw kayo upang sa kanila kayo maakit.
18 Magmalasakit kayo sa isa't isa para sa
kabutihan sa tuwina, at hindi pag kasama
lamang ninyo ako.

19 Mga anak, muli akong naghihirap na
parang nanganganak hanggang sa mahu-
bog sa inyo si Kristo! 20 Gusto ko sana
kayong makapiling ngayon at ibahin ang
aking pananalita, dahil sa hindi ko alam
kung paano kayo pakikitunguhan.

**Ang paghahambing kina Sara at Hagar**

• 21 Sabihin ninyo sa akin, kayong mag-
papasailalim ng Batas! Hindi ba ninyo
alam ang nasasaad sa Batas? 22 Naka-
sulat nga na may dalawang anak si Abra-
ham, isa sa aliping babae at isa sa mala-
yang babae. 23 Ipinanganak nang kara-
niwan ang anak sa aliping babae at ang sa
malayang babae nama'y sa bisa ng isang
pangako.

24 May talinghaga ng dalawang kasun-
duan ang dalawang babaeng ito. Sa
Bundok Sinai galing ang una na nagsisi-
lang para sa pagkaalipin: ito ang kahulu-
gan ni Agar. 25 Nasa Arabia nga ang
Bundok Sinai, tulad ni Agar, at batay dito
nagpapaalipin ang kasalukuyang Jerusa-
lem kasama ng kanyang mga anak.

26 Ngunit malaya naman ang Jerusa-
lem na nasa kaitaasan, na ating ina. 27 At
nasusulat: *Magalak ka, babaeng baog
na hindi nagsisilang; magsimula kang
sumigaw, ikaw na hindi naghihirap sa
panganganak; sapagkat marami pang
anak ang nag-iisang babae kaysa may-
asawa.*

28 Mga kapatid, kayo'y mga anak ng
pangako gaya ni Isaac. 29 Pero noo'y inu-
sig ng isinilang ayon sa laman ang isini-
lang ayon sa espiritu, gayundin naman
ngayon. 30 At ano ang sabi ng Kasulatan?
*Palayasin mo ang aliping babae at ang
kanyang anak; sapagkat ang anak ng
aliping babae ay hindi magmamana ka-
sama ng anak ng malayang babae.*

31 Kaya, mga kapatid, hindi tayo mga
anak ng aliping babae kundi ng malayang
babae.

---

• **4**.21. *Nadidiskubre ni Pablo sa kasaysayan ni Abraham, ang ninuno, ang pagtatalong katulad ng kanyang paglaban sa mga "maka-Judio", ibig sabihi'y, mga Kristiyanong umaasa pang maligtas sa pamamagitan ng pagtupad sa mga kaugalian ng relihiyong Judio.*

Sa simula ng Banal na Kasaysayan, naroon ang pananampalataya ni Abraham at ang ipinangako ng Diyos sa kanya. Dapat bigyang-pansin na ang pangakong ito'y hindi namamana tulad ng ari-arian ng pamilya, na kailangang ipamahagi sa lahat ng anak. Nakatalaga lamang ang pangako ng Diyos para sa *anak ng pangako,* si Isaac, at hindi para kay Ismael na *ipinanganak nang karaniwan.* (Sinasabi ni Pablo: "isinilang ayon sa laman".) Kaya mula pa sa simula ng Biblia, nakikita na natin na nakakamtan natin ang pananampalataya at ang pamana ng Diyos hindi sa pagkakaroon ng karapatan sa mga ito, kundi dahil sa paghirang at kagandahang-loob ng Diyos.

Sa pagkapit sa kanilang mga kaugaliang panrelihiyon, nakakaligtaan ng mga Judio na, higit sa lahat, sila *ang bayan ng pangako.* Sila ang pinili ng Diyos kaysa ibang mga bansa. At ang kanilang misyon ay ipahayag na may mga pangako ang Diyos para sa lahat ng bansa. Mali sila sa pag-iisip nang ganito: kami ang pinili ng Diyos, kaya dapat kaming gayahin ng lahat at sundin ang aming mga kaugalian. Sa halip, dapat sana'y ibinahagi nila sa iba ang kanilang mga pag-asa; dapat sana'y tinuruan nila ang iba na manalig sa pangako ng Diyos at hindi sa ilang mga kaugaliang panrelihiyon.

Si Hagar, ang aliping babaeng nagsilang kay Ismael, na ninuno ng mga Arabe, ang larawan ng bayan ng unang tipan. Tinanggap nila ang Batas sa Bundok ng Sinai sa Arabia: hindi nila nakamtan ang tunay na kalayaan at itinuring nilang kanilang kapitolyo ang makalupang Jerusalem.

Samantalang si Sara, ang malayang babae, kasama ang kanyang anak na si Isaac na isinilang ayon sa pangako ng Diyos, ang kumakatawan sa bagong tipan ng Diyos sa mga naniniwala sa kanyang mga pangako. Sila ang mga malayang tao, ang mga Kristiyanong naghihintay sa makalangit na Jerusalem.

Inusig ni Ismael si Isaac at pinalayas siya ni Abraham. Nangangahulugan itong: ginuguIo ang mga taga-Galasya ng mga Judiong di-lubos ang pananampalataya; kaya kailangang palayasin sila ng Iglesya.

**5** • 1 Pinalaya tayo ni Kristo para sa kalayaan, kaya maging matatag kayo, at huwag na muling magpailalim sa pamatok ng pagkaalipin.

2 Heto! Akong si Pablo ang nagsasabi sa inyo na kung patutuli kayo, wala nang pakinabang para sa inyo si Kristo. 3 Talagang sinasabi kong muli sa bawat taong nagpapatuli na may pananagutan siyang isagawa ang buong Batas. 4 At kayong mga umaasa sa Batas para maging matuwid, nawalay na kayo kay Kristo at nawala kayo sa grasya.

5 Mula sa pananampalataya naman namin matatanggap sa Espiritu ang inaasahan naming pagkamatuwid. 6 Sapagkat kay Kristo Jesus hindi ang pagkatuli ni ang di-pagkatuli ang mahalaga, kundi ang pananampalatayang pinakikilos ng pag-ibig.

7 Tumatakbo na kayo nang maayos; sino naman ang humadlang sa inyo para huwag nang sundin ang katotohanan? 8 Hindi ang tumawag sa inyo ang siyang nagbubunsod sa inyo ngayon. 9 Talaga ngang kaunting pampaalsa lang ang nagpapaalsa sa buong masa. 10 Nananalig ako sa inyo sa pamamagitan ng Panginoon na hindi kayo magbabago ng loob; pagbabayaran naman ito ng nanggugulo sa inyo, maging sino pa man siya.

11 At ako, mga kapatid, bakit di ko pa ipangaral ang pagtutuli para hindi na ako usigin? Ngunit pag nagkagayo'y maaalis ang iskandalo ng krus. 12 Magpaputol na sana nang lubusan ang mga gumugulo sa inyo!

**Tunay na kalayaan**

• 13 Tinawag kayo para sa kalayaan, mga kapatid: lamang ay huwag tawaging kalayaan ang kahalayan. Ang paglilingkod sa isa't isa bunga ng pag-ibig ang tinutukoy ko. 14 Nabubuod nga sa isang salita ang buong Batas: *Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.* 15 Subalit kung magkakagatan kayo at maglalamunan, ingatan ninyo't baka kayo magkaubusan!

16 Kaya sinasabi ko: lumakad kayo sa espiritu at huwag ninyong pagbigyan ang nais ng laman. 17 Kalaban nga ng espiritu ang hangad ng laman, at kalaban naman ng laman ang hangad ng espiritu. Naglalaban-laban ang mga ito kaya hindi ninyo magawa ang inyong niloloob. 18 Kapag mula sa espiritu kayo kumikilos, wala na kayo sa ilalim ng Batas.

---

• **5.**1 Parehong Kristo ang pinaniniwalaan ni Pablo at ng kanyang mga kalaban. Waring nagkakasundo sila sa halos lahat ng bagay. Gayunpaman, may isang bagay na hindi nila pinagkasunduan at sinira nito ang lahat: hindi kinakatigan ni Pablo ang obligasyong magpatuli.

Mensahe ng paglaya ang Ebanghelyo, kaya dapat makayang tuligsain ng mga apostol ang maraming pangkaraniwang pag-iisip.

Ganito ang kinakailangang iskandalo sa lahat ng Kristiyanong pagkilos, na hindi kailanman magiging kasinlaking iskandalo ng pagkamatay ni Jesus sa krus (tingnan ang 1 Cor 1:17). Ang pagliligtas sa mga tao ay nangangahulugang pagpapadiskubre sa kanila, sa isang natatanging paraan, kung sino sila sa harap ng Diyos, at pag-akay sa kanila para harapin ang mga puwersang sumusupil at naglalayo sa kanila. Ito ang dahilan kaya salungat na salungat si Pablo sa mga kaugaliang Judio. Sa pagsunod kay Pablo, maitatanong natin ngayon: Sino ang mga sumasailalim ng mga di-matwid na kuru-kuro at mga naglalayong puwersa sa kasalukuyan, at sino ang mga inuusig? (5:11; 6:12). Kalimitan, mas naisasabuhay ang Ebanghelyo sa mga Kristiyanong grupong may malay at aktibo sa lipunan kaysa mga grupong sa mga gawaing panliturhiya lamang naglaan ng sarili.

• 13. Minsan pa, nagkulong sa mga baog na kaabalahang panrelihiyon ang mga taga-Galasya dahil gusto nilang umiwas sa pagsisi ng Diyos, at pagkamakasarili iyon. Subalit hindi gayon ang Kristiyanong pamumuhay. Kapag nasa atin ang Espiritu ni Kristo, hindi pagkakasala ang ating pinagkakaabalahan, kundi pagmamahal. Ang mahalaga para sa Diyos ay ang pakawalan natin ang maliliit nating mga problema at hayaan ang kanyang Espiritu na magbigay-buhay sa atin. Ito ang sinasabi ni Pablo dito.

Ang mananampalataya na talagang malaya ay ang nagtuturing sa sariling "alipin" ni Kristo. Ganito ang "magkaroon ng pananampalataya" sa pang-araw-araw na buhay: lutasin ang lahat sa pagsasaisip na kay Kristo tayo at handa tayong maglingkod sa ating mga kapatid. Sa ganitong saloobin tayo nagkakaroon ng *kaligayahan* at *kapayapaan*.

19 Madaling nakikilala ang mga gawa
ng laman, pambababae, kalaswaan,
kahalayan, 20 pagsamba sa diyus-
diyusan, pangkukulam, mga away, alitan,
inggitan, pagkapoot, makasariling pagha-
hangad, pagtatalo, hidwaan, 21 pananag-
hili, inuman, lasingan, at iba pang tulad ng
mga ito. Muli kong sinasabi sa inyo ang
sinabi ko na noong una, na hindi magma-
mana ng kaharian ng Diyos ang mga
gumagawa ng mga bagay na ito.

22 Ang bunga naman ng espiritu ay
pag-ibig, tuwa, kapayapaan, pagtitiis,
kagandahang-loob, kabutihan, pagti-
tiwala, 23 kahinahunan, pagtitimpi. Wa-
lang Batas o parusa para sa mga ito. 24 At
ang mga kapanig ni Kristo Jesus ang nag-
pako ng laman sa krus, kasama ang mga
pagnanasa at mga nais nito.

25 Kung maka-espiritu tayo, sundin din
natin ang espiritu. 26 Wala nang kaya-
bangan, huwag na tayong maglaban-
laban o mainggit sa isa't isa.

**Iba't ibang payo**

6 1 Mga kapatid, kung may mahulog sa
anumang paglabag, kayong maka-
espiritu ang magtuwid sa kanya sa diwa
ng kahinahunan. Ingatan mo ang iyong
sarili, dahil puwede ka ring matukso.
2 Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't
isa, at sa gayon ninyo matutupad ang
batas ni Kristo. 3 Sapagkat kung may nag-
iisip na mahalaga siya, gayong bale-wala
talaga siya, dinaraya lamang niya ang
kanyang sarili. 4 Subukin ng bawat isa ang
kanyang sariling gawa, at hindi na siya
magmamalaki sa harap ng kanyang
kapwa, kundi sa kanyang sarili. 5 Sa-
pagkat may pasanin ang bawat isa na
dapat niyang pasanin.

6 Magbigay ang tinuturuan ng salita ng
isang bahagi ng kanyang kita sa
nagtuturo. 7 Huwag kayong magkamali!
Di malilinlang ang Diyos at aanihin
naman ng tao ang kanyang itinanim.
8 Kung may nagtatanim sa sariling laman,
sa laman din siya mag-aani ng kabulu-
kan. Kung sa espiritu naman siya nag-
tatanim, sa espiritu siya mag-aani ng
buhay na walang-hanggan. 9 Kaya huwag
tayong manghinawa sa paggawa ng
mabuti, at mag-aani tayo sa takdang
panahon kung hindi tayo manghihina.
10 Habang mayroon tayong panahon,
gumawa tayo ng mabuti sa lahat, lalo na
sa mga kasambahay sa pananampa-
lataya.

**Ipinako ako kasama si Kristo**

• 11 Tingnan ninyo, anong laking mga
titik ang isinusulat ko sa inyo sa sariling
kamay!

12 Ang mga may gustong tanggapin ng
tao ang pumipilit sa inyong magpatuli, at
ito ang dahilan: ayaw nilang usigin dahil
sa krus ni Kristo. 13 Nagpapatuli sila at
hindi naman nila tinutupad ang Batas
pero gusto nila kayong patuli upang
makapagmalaki sila dahil sa inyong
laman lamang.

14 Sa ganang akin, huwag nawa akong
magmalaki maliban sa krus ng ating
Panginoong Jesucristo. Sa pamamagitan
niyon ay napako sa krus ang daigdig para
sa akin, at ako rin para sa daigdig.

15 Walang kabuluhan nga ang pagka-

---

Nagbibigay si Pablo ng lista ng mga bagay na sa laman at ng sa mga bunga ng Espiritu. Gunitain natin na ang *laman* at *espiritu* ay hindi kasingkahulugan ng *katawan* at *kaluluwa*. Tingnan ang komentaryo sa Roma 7:16.

Pansinin ang aspekto ng pakikiisa ng moralidad na ito: kinakailangang makiisa tayo sa ating mga kapatid.

• **6.**11 Sa pagpapaalam ni Pablo, minsan pa niyang binabanggit ang krisis sa komunidad, at alam nating hindi lamang ito krisis tungkol sa pagtupad. May mga tao roong gustong maging sikat. Kaagad nating naaalaala ang ilang problema sa ating sariling mga komunidad.

*Ang mga pumipilit sa inyong magpatuli.* Mga miyembro mismo ng komunidad ang mga ito. Nananabik silang magpasikat sa pagbuo ng grupo ng Kristiyanong magmumukhang mas taimtim at relihiyoso dahil tuli. Sa katunayan, bibigyang-karapatan sila ng ritong ito na patuluyin sa mga bahay ng Judio – isang

katuli o ang di-pagkakatuli kundi ang
bagong paglikha. 16 At sa lahat ng sumu-
sunod sa tuntuning ito, ang kapayapaan
at awa ay sumakanila at sa Israel ng
Diyos. 17 Mula ngayon, huwag na akong
istorbuhin ninuman; sapagkat dala ko sa aking katawan ang tatak ni Jesus.

18 Mga kapatid, sumainyong espiritu ang biyaya ng ating Panginoong Jesucristo. Amen.

---

mabuting paraan para magkaroon ng kuneksyon at pera. Mapapaiba rin sila sa mga "pangkaraniwang" mga Kristiyano na hindi nila pakikinabangan.

Kaya nakikita nating pinagtatakpan ng kanilang waring paghahangad ng perpeksyon ang kanilang pananabik na madamang nasa mas mabuting kalagayan sila at mas tinitingala ng lipunan. Hindi nila tinutupad ang Batas. Ngunit ipinagmamalaki nila ang mga panlabas na kaugaliang ito na nagbubuklod sa kanila.

*Ipinako na para sa akin ang mundo.* Ibang daan ang pinili ni Pablo. Lumalakad siya sa kanyang daan, walang tirahan, inuusig ng ilan, hinahamak ng iba, kinatatakutan ng mga hindi makatagal sa kanyang halimbawa ng lubos na pagtatwa sa sarili, o sa kanyang pakikisalamuha sa napakaraming taong itinuturing nilang mas mababa. Ito ang pagsunod kay Kristo sa krus.